# Ang Bangka ni Tala

*Pasasalamat sa eskultura ni Tala Contreras*

Tingga at talinghaga, himalang likha ni Tala,
bangkang hinubog ng teknolohiya sa metal
at kapirasong antigong kahoy,
may apat na tripulanteng matipunong parang sereno, bawat
isa may pigil na tikin na wari'y basting tukod sa kunwaring
tubig.

Sa dulong harapan,
tahimik na nakamasid ang kapitan
sa lawak ng aninong dagat na tinatawid
papunta sa kung aling puwerta.

May misyon ba? At sinasalunga ang mga along ayaw
magpakita, saan ihahantong ang sasakyang
buong gara at kabigatang pinalulutang ng sining ng eskultor.

May multong hanging bumuntis sa metal na layag.
Itinutulak ang likha sa puwertang saan kaya naroon,
ang kaganapan ng himala.

Nobyembre 11, 2017

# Tula sa Ikawalumpu't Lima

Sa dami ng taong pahiram sa akin
Ang sagot sa bakit ay gustong alamin,
Haba ng panahon kung pakasuriin,
Ga'no pa ang layo na dapat sukatin?

Kapag inihanay ang mga inakda,
Ang kinis at lalim sa gamit ng wika
Ay palatandaang masinop kumatha—
Ngunit abot na ba ang dinadakila?

Sa kadakilaang laging hinahanap,
Ang mabisang wika ay isa lang sangkap,
Ang akda'y dakila kung dito ay ganap
Nasapol ang lalim ng paksang niyakap.

Ang mga inakdang nalimbag sa papel
Ay singgaan lamang ng layak sa hangin—
Kung ang makabasa'y ilag sa malalim,
Matalim mang diwa'y pupurol sa dilim.

Pagsanib sa kilos nitong sambayanan,
Higit na mabisang tumatak sa bayan,
Bigkis na bubuo sa magkahiwalay,
Lakas ng mahina at pinabayaan.

Mga kabataang sumilong sa lilim
Ng kanyang talino, paano tumalim:
Sa kinabukasan nilang haharapin,
Malay na kolonyal, kaya bang bakahin?

May pakinabang bang dinanas ang bayan
Sa maraming taon ng kanyang pag-iral,
May biyaya bagang ambag sa lipunan
Ang wika at gawang kanyang maiiwan?

Ang sambayanang sa tuwina'y kinabig
Tuntunin ang landas ng paghihimagsik,
Kailan gigising, kakamtin ang nais,
Titibay ang pasyang paglaya'y igiit?

Ang walumpu't limay akin nang narating,
May bago pang landas kayang tutuntunin,
Saan hahagipin ang bagong mithiin,
May tagumpay pa bang kakayaning kamtin?

Abril 10, 2017

# Para Kay Gloc-9

*Pasasalamat sa Upuan, rap ni Aristotle Pollisco*

Ginising ako ng rap mo
at may tulang kumabog sa loob ko.

Sa kapitbahayan, may pagsasaya at kainan,
at kaming nakatanaw lamang, natatakam
sa alat at anghang ng handang ibubuyangyang:
kaldereta, morkon, inadobong hipon, inihaw na baboy,
at marami pang ulam na hindi namin
kayang tikman.

Tabing-daan sa harap ng aming giray na bahay,
may nakaluklok kotseng magara, makintab,
ingat na ingat, ang sabi ng nanay, iwas at iwas,
wala tayong pambayad kung masuwertihang
ikaw ay masagasaan.

Ang tricycle ni tatay, saang eskinita kaya tatambay
pag-uwi ng bahay, pinatang katawan ng maghapong
hanapbuhay, ihahanap ng tulog habang ang tugtugan,
puyatang walang sawa ang garalgal.

Kaming inyong natatanaw, nasa giray na bahay,
puyat at natatakam sa tira-tira ng handaan,
pagsapit ng madaling-araw, umaasang sa liwayway
ay makakautang ng pandesal at instant kapeng matapang.

Kayo ay babangon, binangag ng puyat at altapresyon
at linamnam ng litson, saan kaya ihahantong
ng walang-prenong pagdagsa ng hapon?

Kaming luho ang pritong galunggong,
ng araw namin, ngayo'y tula at awit pa lamang,
marubdob na binibigkas sa liwasan at daan
ay sasapit, sa bisig
ng gising nang bayan.

Oktubre 13, 2017

# Pag may tinanim, may aanihin

*(matandang kasabihan)*

*Pasasalamat sa pinta ni Neil Doloricon*

Lupaing malawak, sinaklaw ng yaman,
Ang taong naglawag, wala nang sakahan,
Ang ngitngit ng loob iningat-ingatan,
Hahanap ng tudling na mapagtaniman.

kapirasong lupang binungkal ng sipag,
Tudling na sininop, may pangakong bukas,
Ang araw at ulan katulong ng sikap,
Lihim na timbulan ng tinipong lakas.

Sa tinamnang tudling, ang alaga'y nupling,
Matipunong punong nagdahon sa dilim,
Nagbunga ng amang may kipkip na baril,
Inang may panlunas kung kailanganin.

Ngitngit na natanim sa supil na bayan,
Palay na tutubo sa udyok ng ulan,
Hinog na ang uhay, kasike'y magbantay—
Baya'y mag-aani, sugod sa tagumpay!

Oktubre 28, 2017

# Pagbati kay Matias Bagani

Gererong sanggol, saglit na tanawin
ang liwayway na naghihintay angkinin
ng mga bisig mong pipitasin
ng marami pang taong darating.

Namnamin ngayon ang gatas ng nanay
mong umaawit ng bukas na dala'y tagumpay
ng pakikibakang iwinawagayway
sa mga abenida at mga liwasan.

Ama mong gerilyero ang may bitbit
ng ngalan mong galing sa liblib,
tatak ng paglaban at deka-dekadang ngitngit
ng masang ayaw nang magtiis
sa pataw ng maylupang mapanggipit.

Matias Bagani, malusog na supling
ng aming pag-asang magbubunga ang mithiin,
sasapit na ngayon din ang pamumukadkad ng mga hinaing,
ang pait na ngayo'y namumulaklak sa lilim,
may samyo ng tagumpay na mapapasaamin.

Sanggol na gerero, Matias Bagani,
Salamat sa pagdating, pag-asa ng lahi!

Enero 28, 2018